

Ang CDPH ay nagbibigay ng libreng access sa mga serbisyo ng oral na interpretasyon at nakasulat na pagsasalin ng content sa wikang Ingles sa publiko.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga libreng serbisyo sa wika, mangyaring makipag-ugnayan sa CDPH Access sa Wika at Unit ng Procurement sa CDPHLanguageAccess@cdph.ca.gov.

Pagprotekta sa Kalusugan ng Lahat ng mga taga-California

Ang Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH) ay nagtatrabaho upang protektahan ang kalusugan ng publiko sa Golden State at tumutulong sa paghubog ng mga positibong resulta sa kalusugan para sa mga indibidwal, pamilya, at komunidad. Ang mga programa at mga serbisyo ng Departamento, na ipinatutupad sa pakikipagtulungan sa mga lokal na departamento ng kalusugan at estado, pederal at pribadong mga kasosyo, ay hinawakan ang buhay ng bawat taga-California at mga bisita sa estado 24-oras sa isang araw, 7-araw sa isang linggo.

Ang Aming Ibinabahaging Bisyon

Ang mga propesyonal sa pampublikong kalusugan ng CDPH, mga mananaliksik, mga siyentipiko, mga doktor, mga nars, at iba pang mga miyembro ng kawani ay may ibinabahaging bisyon upang protektahan at mapabuti ang kalusugan ng lahat ng mga taga-California. Kami ay dedikado sa pampublikong serbisyo at makabagbag-puso sa aming trabaho at ang mga tao at mga komunidad na pinaglilingkuran at pinoprotektahan namin.

Mga Mahahalagang Tungkulin

Ang mga mahahalagang tungkulin ng Departamento ay kritikal sa kalusugan at kagalingan ng mga tao at mga komunidad. Ang mga pangunahing responsibilidad ng CDPH ay komprehensibo sa sakop at kinabibilangan ng pagkontrol at pag-iwas sa nakakahawang sakit, kaligtasan ng pagkain, kalusugan ng kapaligiran, mga serbisyo sa laboratoryo, kaligtasan ng pasyente, kahandaan sa emerhensiya, pag-iwas sa kronikong sakit at pag-promote ng kalusugan, kalusugan ng pamilya, pagkakapantay-pantay sa kalusugan at mahahalagang rekord at istatistika.

Kabilang sa mga pangunahing aktibidad at mga serbisyo ng CDPH ay ang pagprotekta sa mga tao sa California mula sa banta ng mga maiiwasang nakakahawang sakit tulad ng Zika virus, HIV/AIDS, tuberculosis at viral hepatitis, at pagbibigay ng maaasahan at tumpak na mga serbisyong laboratoryo sa pampublikong kalusugan at impormasyon tungkol sa mga banta sa kalusugan.

Kabilang sa iba pang mga kritikal na serbisyo ang pagbibigay ng nutrisyonal na suporta sa mga babaeng mababa ang kita, mga sanggol at mga bata, at pag-screen sa mga bagong silang at mga buntis na kababaihan para sa mga genetikong sakit. Nagtatrabaho rin ang CDPH upang matiyak ang kaligtasan ng pagkain at naka-boteng tubig, tumutulong na mabawasan ang paninigarilyo at ang mga epekto nito at nagtatrabaho upang maiwasan ang mga kronikong sakit at mga kondisyon tulad ng diabetes, cardiovascular disease, kanser, hika, at obesity.

Pinoprotektahan din ng Departamento ang kaligtasan ng pasyente sa mga ospital at mga pasilidad ng dalubhasang narsing, pinapanatili ang mga sertipiko ng kapanganakan at kamatayan at naghahanda para sa, at tumutugon sa mga emerhensiya ng pampublikong kalusugan.

Patuloy na nagtatrabaho ang CDPH upang mabawasan ang mga pagkakaiba sa kalusugan at mental na kalusugan sa mga bulnerable at mga kulang sa serbisyong komunidad upang makamit ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa buong California.

Misyon:

Upang isulong ang kalusugan at kagalingan ng mga magkakaiba-ibang tao at mga komunidad ng California.

Bisyon:

Malulusog na mga komunidad na may mga lumalagong pamilya at mga indibidwal.

Ang Sentro para sa Kahandaan at Pagtugon (CPR)

Ang CPR ay nagbibigay ng pangkalahatang pagpapalano at kahandaan para sa mga kalamidad at emerhensiya sa pampublikong kalusugan, pamamahagi at pagsubaybay sa pagpopondo para sa pagpapalano sa kalamidad sa lokal na antas, nagpapatakbo sa Sentro ng Koordinasyon sa Medikal na Kalusugan, pagbuo, at pagpapanatili ng isang karaniwang sistema ng pamamahala sa emerhensiya ng pampubliko at medikal na kalusugan para sa mga lokal at pang-estadong entidad. Ang mga programa ng CPR ay kinabibilangan ng: Medikal at Pangkalusugang Koordinasyon (MHCC) na Unit sa Kahandaan at CDPH Duty Officer (DO) na Programa.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- CDPH Duty Officer na Programa (DO): DutyOfficer@cdph.ca.gov
- Kahandaan sa Emerhensiya: epoinfo@cdph.ca.gov

Sentro para sa mga Malulusog na Komunidad (CHC)

Ang CHC ay nagbibigay ng pag-iwas at pagkontrol sa mga kronikong sakit, upang mabawasan ang paglaganap ng obesity, bawasan ang paggamit ng tabako at pabutihin ang oral na kalusugan. Ang CHC ay nagbibigay ng mga programa ng pagsasanay para sa mga manggagawa sa pampublikong kalusugan, nagtataguyod at sumusuporta sa mga ligtas at malulusog na kapaligiran sa mga komunidad at mga lugar ng trabaho, at pinipigilan ang adiksyon sa masasamang substansiya at pagsusugal. Kabilang sa mga programa ng CHC ang: pag-iwas at pamamahala sa mga kronikong sakit, pagkontrol sa tabako, kalusugan ng kapaligiran, kalusugan sa trabaho, pag-iwas sa pinsala sa katawan at karamihan, oral na kalusugan, at problema sa pagsusugal.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Sangay ng Pagkontrol sa Tabako sa California: (916) 449-5500
- Sangay ng Pag-iwas sa Pagkalason sa Lead sa California: (510) 620-5600
- Sangay ng Pagkontrol sa Kronikong Sakit: (916) 552-9900

- Sangay ng Pagsubaybay at Pananaliksik sa Kronikong Sakit: (916) 731-2500
- Sangay ng mga Pagsisiyasat sa Kalusugan ng Kapaligiran: (510) 620-3620
- Sangay ng Laboratoryo sa Kalusugan ng Kapaligiran: (510) 620-2801
- Sangay ng Pag-iwas sa Pinsala sa Katawan at Karahasan: (916) 552-9800
- Sangay ng Nutrisyon at Pisikal na Aktibidad: (916) 449-5400
- Sangay ng Kalusugan sa Trabaho: (510) 620-5757
- Tanggapan ng Oral na Kalusugan: (916) 440-7197
- Tanggapan ng Problema sa Pagsusugal: (916) 327-8611
- Tanggapan ng Kalusugan sa Paaralan: SafeSchoolsTeam@cdph.ca.gov
- Sangay ng Pag-iwas sa Masasamang Substansya at Adiksiyon:
sapb@cdph.ca.gov

Sentro para sa Kalusugan ng Kapaligiran (CEH)

Nagtatrabaho ang CEH upang protektahan at mapabuti ang kalusugan ng lahat ng mga residente ng California sa pamamagitan ng paggamit ng pagsisiyasat, inspeksyon, laboratoryo, teknikal na tulong, mga aktibidad sa regulasyon at/o pagtugon sa emerhensya upang mapabuti ang kaligtasan ng pagkain, mga gamot, mga aparatong medikal; magsagawa ng pagpapatupad sa tabako sa mga underage; pangasiwaan ang paggamit ng radiation at mga radioactive na materyales; kontrolin ang mga medikal na basura; at magsagawa ng iba pang mga programa sa pamamahala ng kapaligiran.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Sentro para sa Kalusugan ng Kapaligiran: (916) 445-0275
- Dibisyon ng Kaligtasan ng Pagkain at Gamot: (916) 440-7880
- Dibisyon ng Kaligtasan sa Radiation at Pamamahala sa Kapaligiran:
(916) 449-5915
- Seksyon ng Suporta sa Kalusugan ng Kapaligiran: (530) 760-5863

Sentro para sa Kalusugan ng Pamilya (CFH)

Nagbibigay ang CFH ng pagpapabuti sa kalusugan at kagalingan ng mga buntis, mga bata at kabataan pati na rin ang pagbawas ng mga pagkakaiba-iba

sa mga resulta ng perinatal na kalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay ng nutrisyonal na suporta at pag-screen sa mga bagong silang at mga buntis na kababaihan para sa mga genetikong sakit. Kabilang sa mga programa ng CFH ang: Programa ng Pag-screen sa Genetikong Sakit, Dibisyon ng Maternal, Pambata at Pang-adolescent na Kalusugan, at Programa ng Supplemental na Nutrisyon para sa mga Kababaihan, mga Sanggol, at mga Bata.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Programa ng Pag-screen sa Genetikong Sakit: (866) 718-7915
- Dibisyon ng Maternal, Pambata at Pang-adolescent na Kalusugan: (866) 241-0395
- Programa ng Supplemental na Nutrisyon para sa mga Kababaihan at mga Bata: (800) 852-5770

Upang makahanap ng isang tanggapan ng WIC na malapit sa iyo mangyaring bisitahin ang:

<https://myfamily.wic.ca.gov/Home/HowCanIGetWIC#HowCanIGetWIC>

Sentro para sa Kalidad ng Pangangalagang Pangkalusugan (CHCQ)

Ang CHCQ ay nagbibigay ng pangangasiwa sa regulasyon at pagsubaybay para sa kalidad ng pangangalaga sa mga pampubliko at pribadong pasilidad ng kalusugan, mga klinika, at mga ahensya sa buong estado; nagbibigay lisensya sa mga tagapangasiwa ng nursing home, at nagbibigay sertipiko sa mga assistant ng mga nars, mga katuwang sa kalusugan sa bahay, at mga tekniko ng hemodialysis; at nangangasiwa sa pag-iwas, pagsubaybay, at pag-uulat ng mga impeksyong nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng kalusugan ng California.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Paglilisensya at Sertipikasyon: (916) 327-2445
- Impeksyong Kaugnay ng Pangangalagang Pangkalusugan:
HAIPProgram@cdph.ca.gov

Upang mahanap ang iyong lokal na tanggapan ng distrito sa Paglilisensya at Sertipikasyon mangyaring bisitahin ang:

<https://www.cdph.ca.gov/Programs/CHCQ/LCP/Pages/ContactUs.aspx>

Sentro para sa Pangkalusugang Istatistika at Informatics (CHSI)

Nagbibigay ang CHSI ng pagpapabuti sa pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pamamahala sa mga sistema ng impormasyon at pagtulong sa pagkolekta, pagpapatunay, pagsusuri, at pagpapalaganap ng mga istatistika sa kalusugan at demograpikong impormasyon sa populasyon ng California.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Mga Mahahalagang Rekord: (916) 445-2684
- Programa ng Identification Card sa Medikal na Marijuana: (916) 552-8600

Sentro para sa mga Nakakahawang Sakit (CID)

Ang CID ay nagbibigay ng pag-iwas at pagkontrol sa mga nakakahawang sakit tulad ng Human Immunodeficiency Virus (HIV)/Acquired Immunodeficiency Syndrome (AIDS), tuberculosis, viral hepatitis, influenza at iba pang mga maiiwasang sakit sa pamamagitan ng pagbabakuna, mga umuusbong na impeksyon, sakit na dala ng vector, mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik (STD), botulism ng sanggol, at mga sakit na dala ng pagkain.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Dibisyon ng Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit: (916) 552-9700
- Tanggapan ng AIDS: (916) 449-5900
- Tanggapan ng Kalusugan ng Binational Border: OBBH@cdph.ca.gov
- Tanggapan ng Kalusugan ng Refugee: (916) 552-8252
- Sangay ng CalCONNECT:
- Patnubay at Patakaran: COVIDGP@cdph.ca.gov

Sentro para sa Laboratoryong Siyensiya (CLS)

Nagbibigay ang CLS ng pangangasiwa para sa mga pagpapatakbo ng laboratoryo sa klinikal at pampublikong kalusugan at mga tauhan sa laboratoryo ng klinikal at pampublikong kalusugan at may pananagutan para sa pagbibigay ng mga lisensya at mga sertipiko.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Sangay ng Laboratoryo ng Inuming Tubig at Radiation: (510) 620-2911

- Sangay ng Laboratoryo sa Kalusugan ng Kapaligiran: (510) 620-2801
- Sangay ng Laboratoryo sa Pagkain at Gamot: (510) 412-6220
- Programa para sa Paggamot at Pag-iwas sa Botulism ng Sanggol:
IBTPP@infantbotulism.org
- Mga Sentral na Serbisyo sa Laboratoryo: (510) 307-8980
- Mga Serbisyon Field ng Laboratoryo: (510) 620-3800
- Sangay ng Laboratoryo sa mga Microbial na Sakit: (510) 412-3700
- Laboratoryo sa Viral at Rickettsial na mga Sakit: (510) 307-8585

Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan (OHE)

Nagbibigay ang OHE ng isang pangunahing tungkulin sa pamumuno ng pagsulong sa mga pagkakaiba-iba sa pisikal at mental na kalusugan sa California. Ang OHE ay nakikipagtulungan sa mga komunidad at mga sektor upang matugunan ang mga dahilang ugat ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pagbabago ng klima at kawalan ng katarungan sa lahi, at upang itanim sa isip ang mga pagsasaalang-alang sa kalusugan at pagkakapantay-pantay sa proseso ng paggawa ng mga desisyon. Ang OHE ay may tatlong unit ng pagpapatakbo: Pagpapaunlad at Engagement sa Komunidad, Patakaran at Pagpapalano ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan, at Pananaliksik at Istatistika sa Kalusugan.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan: (916) 552-9918
- Sangay ng Pagbabago sa Klima at Pagkakapantay-pantay sa Kalusugan:
climatechange@cdph.ca.gov

Ang Rehiyonal na Tanggapan ng Pamublikong Kalusugan (RPHO)

Nagbibigay ang RPHO ng paglalaan at pagpapatupad ng higit sa 200 milyong dolyar sa mga lokal na pondo ng tulong upang bumuo ng imprastraktura sa pamublikong kalusugan sa bawat sulok ng California. Ang pamumuhunang ito ay inilalaan upang punan ang mga puwang na malinaw na nakikita sa panahon ng emerhensiya ng COVID-19.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Mga Rehiyonal na Tanggapan ng Pampublikong Kalusugan:
RPHOadmin@cdph.ca.gov

Tanggapan ng mga Serbisyong Legal (OLS)

Ang OLS ay nagbibigay ng in-house na legal na pagsusuri, payo, at representasyon sa Direktor ng CDPH. Ito rin ay responsable para sa pagpapatupad ng mga kinakailangan sa pribasiya para sa Departamento, at para sa pagsunod sa mga kinakailangan para sa pag-adopt sa mga regulasyon.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

Para sa serbisyo ng mga summon at reklamo at writ na mga petisyon:

Mangyaring i-email ang mga dokumento sa:

CDPHserviceofprocess@cdph.ca.gov

Tanggapan ng Pagsunod (OOC)

Ibinibigay ng OOC ang Programa ng Pag-iwas sa Karahasan sa Lugar ng Trabaho, Programa ng Pantay na Pagkakataon sa Trabaho, mga pagsisiyasat sa mga paratang na may kaugnayan sa karahasan sa lugar ng trabaho, diskriminasyon, sekswal na panghaharas, pag-retaliate, pagtanggihan sa makatwirang mga akomodasyon at whistleblower. Kasama rin sa trabaho ng mga OOC ang Programa ng Internal na Pag-audit, mga panloob at panlabas na aktibidad sa pag-audit, pagbibigay ng mga pagsusuri sa pagsunod para sa mga sub-recipient ng Tanggapan ng Kahandaan sa Emerhensya, mga aktibidad sa pamamahala ng panganib at pagsunod ng enterprise, at tagapag-ugnay sa lahat ng mga panlabas na entidad sa pag-audit.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Tanggapan ng Pagsunod: InternalAudits@cdph.ca.gov

Dibisyon ng Human Resources (HRD)

Ang HRD ay nagbibigay ng patnubay, suporta, at kadalubhasaan sa departamento para sa pag-recruit, pag-unlad, pagsasanay, at pagpapanatili ng mga de-kalidad na empleyado. Ang HRD Unit ng Pamamahala ng Disability (DMU) ay nagko-coordinate ng mga libreng interpretative na serbisyo sa sign language para sa mga empleyado at aplikante ng CDPH kapag hiniling.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Dibisyon ng Human Resources: (916) 445-0983
- Unit ng Pamamahala ng Disability: DMU@cdph.ca.gov

Tanggapan ng Komunikasyon (COMMS)

Nagbibigay ang COMMS ng istratihikong direksyon para sa mga panloob at panlabas na komunikasyon para sa CDPH. Ang COMMS ay may pananagutan sa pangangasiwa at pag-aapruba ng lahat ng mga panlabas na komunikasyon, kabilang ang pampublikong nahaharap na website, panloob na nahaharap na website (myCDPH), mga channel ng social media, at mga relasyon sa media.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Mga relasyon sa media: Media@cdph.ca.gov
- Mga serbisyo sa website: CommsWeb@cdph.ca.gov
- Outreach at Edukasyon/ Social Media: CommsOutreach@cdph.ca.gov
- Mga Panloob na Komunikasyon: CommsInternal@cdph.ca.gov

Kumperensya ng mga Lokal na Opisyal ng Kalusugan sa California (CCLHO)

Nagbibigay ang CCLHO ng isang pang-estado/lokal na forum para sa talakayan ng mga makabuluhang isyu sa kalusugan upang bumuo ng mga rekomendasyon para sa naaangkop na patakaran sa kalusugan. Ang iba't ibang mga komite ng programa nito ay isinasaalang-alang ang mga isyung teknikal at pampatakaran sa pagkontrol at pag-iwas sa nakakahawang sakit; pag-iwas sa kronikong sakit at pinsala sa katawan; kalusugan ng kapaligiran; pagkakapantay-pantay sa kalusugan; at kalusugang maternal, pambata at pang-adolescent.

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

- Kumperensya ng mga Lokal na Opisyal ng Kalusugan sa California: CCLHO@cdph.ca.gov

Tanggapan ng Propesyonal na Pag-unlad at Engagement (OPDE)

Nagbibigay ang OPDE ng pantay na pag-access at nagtataguyod ng kahusayan sa organisasyon at empowerment sa mga resources at mga pagkakataon sa pag-unlad para sa mga kawani, kasosyo, at stakeholder ng CDPH. Ang aming mga pangunahing functional na lugar ay kinabibilangan ng pagpapabuti ng kalidad, istratihikong pagpaplano, kagalingan, pag-me-mentor, pagkilala sa empleyado, pagsasanay, pag-unlad ng pamumuno, at accreditation. Ang Unit ng

Pag-access at Procurement ng Wika (LAPU) sa loob ng OPDE ay sentral na nangangasiwa sa lahat ng mga aspeto ng pagsasalin, interpretasyon, at multilingual na suporta sa komunikasyon, na tinitiyak ang maayos na pag-access sa mga mahahalagang serbisyo sa pampublikong pangkalusugan para sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles (LEP).

Mahalagang Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan:

Unit ng Pag-access at Procurement ng Wika:

CDPHLanguageAccess@cdph.ca.gov